PRAYER & ACTION RACIAL JUSTICE CHALLENGE

## Litanies Composed by

# Rev. Mary C. Johnson

Siya ay retiradong Pastor at kaanib ng Baltimore-washington conference. Nagtapos Siya ng Master of Divinity s Asbury theological seminary. Nagtapos din Siya ng sertipiko ng pamamahalang spiritwal s Moravian theological seminary. Kabahagi Siya ng upper rooms academy para s spiritual formation. Naging kabahagi at naglingkod Siya bilang Pastor sa mga simbahang: Indiana, Maryland, Delaware at Pennsylvania. At kasalukuyang naninirahan sa Carrollton, Virginia.



LITANY COMPOSED BY
Rev. Mary C. Johnson

**Mga Panaghoy**
*Awit 13*

# Gaano katagal?

Isa: Kristo, Ikaw ay nakikibahagi sa aming kahirapan. Naninirahan Ka sa amin sa aming kahirapan ng pagkain. Sa araw-araw alam Mong parang pare-pareho lamang, ang pakikibaka sa buhay ay walang tigil.

***Lahat: Gaano katagal kami dapat maghintay upang makapasok sa Iyong lupang pangako?***

Isa: Hesus, naririnig Mo ang mga kasinungalingang sinasabi tungkol sa amin. Hindi kami tamad. Hindi namin sinasayang ang anumang ibinigay Mo sa amin. Araw-araw ay sumasama Ka sa amin habang nagsisikap kaming magbayad ng aming mga bayarin.

***Lahat: Gaano katagal kami dapat maghintay upang makapasok sa Iyong lupang pangako?***

Isa: Tagapagligtas, alam Mong kami ay dinadaya sa aming mga sahod. Nagtatrabaho kami nang maigi. Kami ay mga esensyal na manggagawa. Araw-araw ay nananalangin kami para sa Iyong kalakasan sa pakikibaka sa bawat araw.

***Lahat: Gaano katagal kami dapat maghintay upang makapasok sa Iyong lupang pangako?***

Isa: Katauhan, alam Mo kung paano mamuhay nang mahirap sa mga lansangan na walang lugar upang matulugan. Masyadong mataas ang upa. Wala kaming mapupuntahan. Araw-araw ay sumasama Ka sa amin habang naghahanap kami ng masisilungan.

***Lahat: Gaano katagal kami dapat maghintay upang makapasok sa Iyong lupang pangako?***

Isa: Banal, nananalig Ka sa amin at nagtitiwala kami sa Iyo. Hindi Ka umaalis sa aming tabi. Lagi Kang nariyan upang bigyan kami ng lakas ng loob at suporta. Araw-araw ay sumasama Ka sa amin at umaasa ng mas magandang araw.

***Lahat: Gaano man katagal ang paglalakbay, alam naming sama-sama kaming papasok sa Iyong lupang pangako. Nawa'y ngayong araw na ito. Amen.***

LITANY COMPOSED BY
Rev. Mary C. Johnson

**Pagsisisi**
*Isaias 1:16-17*

# Kami ay Marumi

Isa: Mula sa aming mga bibig kami ay naglalabas ng maruruming salita: mga salitang rasismo, mga salitang seksismo, mga salitang misogynist, mga salitang homophobic, mga salitang ableist. Ang aming mga salita ay nakasisira, nakahihina at nakahihiya. Malupit ang aming mga salita. Sila ang aming huwad na saksi.

***Lahat: Ito ang mga salitang inialay namin sa Iyo. Patawarin Mo kami.***

Isa: Kami ay umasal sa maruruming paraan: masasama, may diskriminasyon, xenophobic na paraan. Ang aming mga aksyon ay nakapinsala sa buhay ng iba, nadumihan ang kanilang hangin at tubig, at kinuha ang pagkain sa bibig ng kanilang mga anak. Ang aming mga aksyon ay walang konsiderasyon. Sila ang aming maling patotoo.

***Lahat: Ito ang mga aksyong inialay namin sa Iyo. Patawarin Mo kami.***

Isa: Gawin Mo kaming maingat sa aming mga salita. Nais naming maging boses Mo para sa mga walang boses. Nais naming iparinig nang malinaw ang Iyong daing para sa katarungan at awa. Nais naming ipahayag ang Iyong mga salita ng biyaya at kapayapaan.

***Lahat: Ito ang mga salitang nais naming ialay sa Iyo. Pakiusap pakinggan ang aming daing at nawa'y mangyari ito.***

Isa: Gawin Mo kaming maingat sa kung paano kami kumilos. Nais naming manindigan kasama ng mga nag-iisa ngayon. Nais naming tulungan ang mga taong itinulak pababa. Nais naming gamitin Mo kami upang punasan ang mga luha sa mga mata at magbigay ng suporta sa mga taong nakakaramdam na hindi na nila kayang magpatuloy.

***Lahat: Ito ang mga aksyong nais naming ialay sa Iyo. Pakiusap pakinggan ang aming daing at nawa'y mangyari ito.***

LITANY COMPOSED BY
Rev. Mary C. Johnson

**Pagpapagaling**
*Isaias 58:12*

# Pagbibigay Buhay

Isa: Naramdaman natin ang pasakit. Naramdaman natin ang paghilab ng mundo. Naramdaman natin ang agarang pangangailangan na itulak ang hinaharap. Alam natin na ang Diyos ay nasa proseso ng paglikha ng lahat ng bagong bagay.

***Lahat: Sa pagbitiw sa mga pasakit ng aming nakaraan, niyayakap namin nang buong pagmamahal ang lahat ng susunod na gagawin ng Diyos.***

Isa: Mula sa dugo at pawis, tayo ay binigyan ng handog na bagong buhay, bagong araw, bagong simula. Ang nakaraan ay isang alaala, ngunit ang hinaharap ay umaabot sa ating mga pangarap.

***Lahat: Sa pagbitiw sa mga pasakit ng aming nakaraan, niyayakap namin nang buong pagmamahal ang lahat ng susunod na gagawin ng Diyos.***

Isa: Hinubog ng mga aral ng nakaraan, umaawit tayo ng bagong lalabay upang pakalmahin ang mga pangamba ng lahat ng bago: bagong pagkakataong umibig, kung saan nagkaroon ng poot; bagong pagkakataong lumikha, kung saan nagkaroon lamang ng pagkawasak.

***Lahat: Sa pagbitiw sa mga pasakit ng aming nakaraan, niyayakap namin nang buong pagmamahal ang lahat ng susunod na gagawin ng Diyos.***

Isa: Sa pagbabahagi ng lakas na ibinigay ng Diyos sa atin, hinahayaan natin ang bagong buhay na sipsipin nang maigi ang kabutihang pumupuno sa ating mga dibdib. Muling pagtatayo ng bagong buhay sa sariling imahe ng Diyos: pagbuo ng dignidad, pagmamalaki at paggalang sa sarili. Ligtas nating hinahawakan ang hinaharap sa ating mga bisig.

***Lahat: Sa pagbitiw sa mga pasakit ng aming nakaraan, niyayakap namin nang buong pagmamahal ang lahat ng susunod na gagawin ng Diyos.***

LITANY COMPOSED BY
Rev. Mary C. Johnson

**Pagkakasundo**
*Corinto 5:16-17*

# Maka-Diyos na Paningin

Isa: Nais natin ng maka-Diyos na paningin. Nais nating makita ang iba gaya ng pagtingin ni Kristo sa kanila. Nais nating makita ang iba bilang minamahal. Kailangan nating makita ang kanilang mga pakikibaka. Kailangan nating makita ang kanilang pasakit. Kailangan nating makita ang kanilang puso.

***Lahat: Nais naming tumayong namangha habang tinitingnan namin ang bagong nilikha ng Pag-ibig.***

Isa: Nais natin ng maka-Diyos na paningin. Kailangan nating obserbahan ang bagong nilikha. Kailangan nating makita na ang iba ay may bagong pusong tumitibok. Kailangan nating kilalanin ang muling pagprograma ng kanilang mga isip. Nais nating makibahagi sa kagalakan ng Diyos.

***Lahat: Nais naming tumayong namangha habang tinitingnan namin ang bagong nilikha ng Pag-ibig.***

Isa: Nais natin ng maka-Diyos na paningin. Kailangan natin ng pananaw sa nagiging bagong buhay. Kailangan nating makita ang mga kadahilanan ng Diyos para sa pag-asa. Kailangan nating mapansin, tulad ng ginagawa ng Diyos, kahit na ang maliliit na pagbabago sa buhay ng iba, upang mahikayat ko kahit ang pinakamaliit na kislap ng bagong buhay.

***Lahat: Nais naming tumayong namangha habang tinitingnan namin ang bagong nilikha ng Pag-ibig.***

Isa: Nais natin ng maka-Diyos na paningin. Kailangan nating makita ang luma na lumilipas. Kailangan nating mapansin ang pagpapanibago ng isip. Hindi natin nais na mapalagpas ang mahirap na tagumpay ng mga pagbabago, na nagbubukas ng mga puso sa mas malalim na pakikiramay. Kailangan natin ng pagkakataong kumanta at sumayaw ng ating mga aleluya.

***Lahat: Nais naming tumayong namangha habang tinitingnan namin ang bagong nilikha ng Pag-ibig.***

LITANY COMPOSED BY
Rev. Mary C. Johnson

**Pag-asa**
*Job 14:7-9*

# Muli kaming lalago

Isa: Tayo ay hinubaran ng ating wika at kultura. Tayo ay pinagkaitan ng mga ritwal at sayaw na nagpapakain ng mga kaluluwa. Pinatahimik nila ang ating mga tambol at ating mga awitin.

***Lahat:* *Muli kaming lalago. Pakinggan mo kaming magsalita. Tingnan mo kaming sumasayaw sa tunog ng sarili naming ritmo.***

Isa: Ninakaw nila ang ating lupain. Dinaya nila tayo sa pamamagitan ng kabiguang ipamahagi ang mga lupain. Gumawa sila ng pangakong hindi nila tinupad at mga batas na kailangan nating labagin.

***Lahat:* *Muli kaming lalago. Tingnan ang aming katatagan. Masdan ang aming pagmamalaki sa lahat ng aming natapos.***

Isa: Sinubukan nilang patahimikin ang ating kasaysayan. Maaaring nakalimutan na ng iba, ngunit hindi tayo kailanman. Lulunurin ng katotohanan ang kanilang mga kasinungalingan. Ang mga buhay natin ay maganda. Ang ating mga paraan ay napakatalino.

***Lahat:* *Muli kaming lalago. Pakinggan ang aming mga kwento ng mga sakripisyong matagal nang naaalala. Alamin ang pinagmulan ng aming pagmamalaki, ang dahilan ng aming pananaw.***

Isa: Higit pa tayo sa ating nakaraan. Ang nakaraan ay punla lamang ng ating hinaharap. Ang buong hinaharap na hindi pinangarap ng iba para sa atin ay nasa harapan natin, ang handog ng Diyos.

***Lahat:* *Muli kaming lalago. Hindi pa kami dumarating sa dulo ng aming paglalakbay. Masdan, ang Diyos ay lumilikha pa rin sa pamamagitan ng aming mga sagradong buhay. Ang Diyos ay handa na ngayong gumawa ng bagay na labis-labis.***

LITANY COMPOSED BY
Rev. Mary C. Johnson

**Paglaya**
*Lucas 4:18-19*

# Pinahiran

Isa: Naririnig ng pag-ibig ang tinig ng kahirapan: bawat daing para sa pagkain, ang pinakamahinang ungol mula sa lamig ng mga naghahanap ng masisilungan, ang malalim na buntong-hininga ng mga nagnanais magsuot ng higit sa basahan.

***Lahat: Ang Espiritu ng Pag-ibig ay pinahiran kami upang maging mabuting balita at baguhin ang mundo.***

Isa: Naririnig ng awa ang tinig ng kawalang-katarungan: ang mga daing para sa kalayaan, ang dalamhati ng trauma, ang mga panalangin ng pagsisisi, ang paghihirap ng adiksiyon.

***Lahat: Ang Espiritu ng Awa ay pinahiran kami upang magawang palayain ang mga bilanggo.***

Isa: Naririnig ng habag ang mga sumisigaw sa kadiliman: mga daing mula sa pagkabigo, mula sa kawalan ng pag-unawa, mga awit na naglalayong palayasin ang mga anino, mga luha na nagpapalabo sa paningin ng hinaharap.

***Lahat: Ang Espiritu ng Habag ay pinahiran kami upang buksan ang mga mata ng bulag.***

Isa: Naririnig ng grasya ang pasakit ng mga inaapi: ang pasakit ng rasismo, ang pasakit ng kolonyalismo, ang pasakit ng seksismo, ang pasakit ng homophobia, ang pasakit ng ableism.

***Lahat: Ang Espiritu ng Grasya ay pinahiran kami upang palayain ang lahat ng inaapi.***

Isa: Ang kagalakan ay nakikinig sa ating pagdiriwang: mga sigaw ng tagumpay laban sa kasamaan, mga palakpak para sa mga nagtiyaga. Ang mga awit ng galak habang hinahayaan nating gamitin ang kalayaan.

***Lahat: Ang Espiritu ng Kagalakan ay pinahiran kami upang ipahayag ang banal na pabor sa aming lahat.***